

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0006</b>
	<b>Title</b>	<b><u>Implementation of Shadow Billing for the Transition to Diagnosis-Related Groups (DRG) (Revision 1)</u></b>

Tanong	Sagot
<b>1. Ano ang Diagnosis-Related Groups (DRG)?</b>	<p>Ang DRG ay isang sistema para ikategorya ang mga pasyenteng may mga katulad na diagnosis. Layunin nitong mas mabuting matukoy ang halaga ng benepisyong babayaran ng PhilHealth sa mga health facilities (HFs) para sa inpatient care ng pasyente.</p> <p>Gagamitin ng DRG ang lahat ng impormasyon tungkol sa pasyente, tulad ng edad at kasarian, kasama na ang pangunahing sakit (primary diagnosis), lahat ng mga karagdagang sakit (secondary diagnosis o co-morbidities), at lahat ng mga clinical procedure na isinagawa ng health facility. Ang mga datos na ito ay magiging basehan sa halagang ibabayad ng PhilHealth sa mga HF.</p>
<b>2. Ano ang Shadow Billing?</b>	<p>Ang Shadow Billing ay isang proseso ng pagsusuri ng sistema sa pagbabayad ng benepisyong gamit ang DRG. Ang naturang pagbabayad ay nakasaad sa Universal Health Care Act na ipatutupad ng PhilHealth bilang bahagi ng mga reporma sa pagbabayad sa mga health providers.</p> <p>Ang mga health facility na nais lumahok sa Shadow Billing ay kailangang magsumite ng karagdagang datos gamit ang interim form o Claim Form 5 (CF5). Ito ay tinatawag na Shadow Billing dahil ang All Case Rates (ACR) pa rin ang basehan ng pagbabayad, ngunit kalakip ang mga mahahalagang impormasyon para mabuo ang DRG.</p>
<b>3. Bakit kailangang isagawa ang Shadow Billing?</b>	<p>Ang mga datos na makokolekta sa Shadow Billing ay gagamitin para mabuo ang DRG rates o batayan ng pagbabayad ng PhilHealth sa mga HFs. Ang mga datos ay gagamiting basehan upang maging tugma ang sistema ng DRG sa Philippine clinical practice.</p> <p>Bukod pa rito, susuriin din ang Information Technology system ng DRG para tiyaking wasto ang mga datos bago simulan ang pagbabayad gamit ang DRG.</p>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0006</b>
	<b>Title</b>	<b><u>Implementation of Shadow Billing for the Transition to Diagnosis-Related Groups (DRG) (Revision 1)</u></b>

Tanong	Sagot
<b>4. Sino ang mga pwedeng sumali sa Shadow Billing? Mandatory ba ito para sa lahat ng mga HF's?</b>	Ang Shadow Billing ay mandatory para sa lahat ng HF's na tumatanggap ng inpatient admissions at may kakayahang magsumite ng claims gamit ang PhilHealth Electronic Claims (eClaims). Ang datos na kinokolekta ng PhilHealth ay makatutulong sa pagbuo ng DRG na magiging pamamaraan ng pagbabayad ng PhilHealth kinalaunan.
<b>5. Kailan pormal na magsisimula ang Shadow Billing?</b>	Ang Shadow Billing ay inaasahang magsisimula sa 2nd Quarter ng taong 2024. Iaanunsyo ng PhilHealth kung kailan ang eksaktong petsa ng pagsisimula ng Shadow Billing sa isang opisyal na pahayag o advisory.
<b>6. Mawawala na ba ang ACR kapag sumali sa Shadow Billing ang HF?</b>	Hindi. Tuloy ang pagbabayad ng PhilHealth gamit ang ACR. Ito pa rin ang magiging batayan ng PhilHealth para bayaran ang mga inpatient claims ng mga HF's. Ang Shadow Billing ay ipatutupad upang makakuha ng datos
<b>7. Ano ang mga kailangang ihanda ng mga HF's para mapabilang sa Shadow Billing?</b>	<p>Kailangang gawin ng mga HF's ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>● Makipag-ugnayan sa Accredited Service Provider na may updated certification para sa Shadow Billing ng DRG.</li> <li>● Lumahok at makinig sa mga capacity-building sessions tungkol sa DRG claims encoding na isasagawa ng PhilHealth Regional Offices na namamahala sa kanilang lugar.</li> </ul> <p>Ang mga karagdagang detalye ukol sa iba pang mga requirements sa shadow billing ay iaanunsyo sa pamamagitan ng opisyal na pahayag o advisory.</p>
<b>8. Ano ang CF5 at bakit ito kailangan idagdag bilang hiwalay na claim form?</b>	<p>Ito ang gagamitin ng PhilHealth para kumolekta ng mga datos para sa DRG system na hindi makukuha sa ibang Claim Forms (Claim Forms 1-4).</p> <p>Ang pangunahing dahilan kung bakit ito nakabukod sa CF1-4 ay para hindi maapektuhan ang proseso ng pagbabayad ng claims gamit ang ACR.</p>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0006</b>
	<b>Title</b>	<b><u>Implementation of Shadow Billing for the Transition to Diagnosis-Related Groups (DRG) (Revision 1)</u></b>

Tanong	Sagot
<b>9. Ang CF5 ba ay may printed version na pwedeng padaanin sa manual submission?</b>	Ang CF5 ay ginawa alinsunod sa layunin ng PhilHealth na maging fully electronic ang claims submission. Sa ngayon, ang CF5 ay maisusumite gamit ang eClaims ng PhilHealth.
<b>10. Ano ang mangyayari kapag mali o kulang ang mga datos na nasa CF5?</b>	Ang CF5 ay may kaakibat na validation mechanisms na nagsusuri sa lahat ng inilalagay na datos dito upang malaman ng mga encoder kung sapat o tama ang mga detalye sa form.
<b>11. Tataas ba ang bayad ng PhilHealth sa mga HFs kapag ito ay sumali sa Shadow Billing?</b>	Hindi magbabago ang halaga ng ACR na ibabayad ng PhilHealth sa mga health facility habang nasa Shadow Billing. Gagamitin ang mga makakalap na datos para sa DRG upang mas maging akma ang pagbabayad ng PhilHealth para sa mga serbisyo at gamot na ibinigay ng HF sa pasyente.
<b>12. Magkakaroon ba ng training o capacity building para sa mga health facility na nais sumali sa Shadow Billing?</b>	Oo. Palalakasin ng PhilHealth ang kapasidad ng mga sasali sa Shadow Billing sa pamamagitan ng mga serye ng training at capacity building para sa mga HFs, Service Providers, Medical at Surgical Specialty Societies, at Clinical Coders.